# Ang Salita ay Isang Ugat

## MGA TULANG PAMBATA

**NILALAMAN:**

Ang Paborito Kong Titik
Balat-sibuyas
Higanteng Gunting
Pusong Mamon
Puting Uwak
Ang Tatlong Maya
Huni ni Kuwago
Mag-ehersisyo Tayo ng Dila!
Dilang Anghel
Bahay-kubo
Munting Magsasaka
May Zoo sa Aming Bakuran
Ang Salita ay Isang Ugat

## ANG PABORITO KONG TITIK

Nang tinulaan itong titik:
tumalon, naging tipaklong
tumulis, nagwangis-tinidor
tumihaya, naging tsinelas
tumawa, nagwangis-tása
tumalilis, naging trumpo
at nang tumigas
ay isang troso.

Anyo niya’y hindi matapos-
tapos na bugtong sa isipan.
Pero kapag tinulaang muli
ang paborito kong titik:
tatalon sa bubong,
titigas ang dila,
titihaya-dadapa,
tatawa nang mahina,
at pagkuwa’y tatalilis
upang sa ibang bahay naman
siya maghanap
ng matitiktikan.

## BALAT-SIBUYAS

Ang balat ko ay sibuyas,
kung punutin ay mabubutas.
Kaya ang pakiusap:
huwag gagayatin,
huwag hahatiin,
huwag pinu-pinuhin
o sa kawali'y gisahin.
Dahil sa oras na nilabag
ang aking habilin:
maghanda ng balde,
ilabas ang timba,
o kaya ay magbota,
magsilikas, maghanda
dahil tiyak na babaha
ng maraming luha!

## HIGANTENG GUNTING

Lumaylay sa lupa
ang aking dila,
hiningal pati ang baga
sa pagtakas, paglayo,
pagtakbo, pagtago!
Paano ba naman kasi:
hinahabol ako ng gunting!
Higanteng gunting
na bumubuka-bukaka.
Singtulis ng espada
ang dalawa niyang ngipin.
Handang manakmal,
handang kumain!
Mabuti na lamang
at ako ay sinagip
ni Kapitan Barbero
mula sa planetang Pluto.
Ang sabi niya:
"Gamit ang kamay
kong kumikinang na metal,
ay mapapaamo
ang higanteng kalaban!"
Pagkatapos,
mga kamay niya'y nagsikumpasan,
mga daliri'y nagsayawan.

Sa isang iglap: biglang umikli
ang buhok kong abot-kilikili.
At ang Higanteng Gunting
ay nag-almusal
ng tumpok-tumpok
na mga buhok.

## PUSONG MAMON

Saang panaderya ka nabibili,
Pusong Mamon?
Singlambot ka ba ng unan,
bulak, at murang dahon?
Binobomba mo ba'y asukal
at hindi dugo?
Ang oxygen bang iyong dala
ay harina at mantikilya?
Pintig mo'y paano tumunog:
Mub-dub, mub-dub
o dub-mub, dub-mub?
Ikaw ba'y kakabog-kabog
kapag gulat, kabado, at takot?
Hindi ka ba nilalanggam
sa loob ng katawan?
Anong pinagkaiba mo
kay Pusong Bato?
Marami rin bang ugat
ang nakakabit sa iyo?

Pusong Mamon, Kaibigan,
kailan mo kaya sasagutin
ang listahan ng katanungan?

## PUTING UWAK

Nang pumuti ang uwak
na alaga ni Kuya:

nagsibabaan ang ulap sa lupa
at umulan nang pabaligtad,

nagkaroon ng hasang ang mga manok,
mga isda'y nagkapakpak,

naglakad ang mga kamay,
ang mga paa'y pumalakpak,

mga bundok ay napatag,
natuyo ang dagat.

Nang pumuti ang uwak
na alaga ni Kuya:

mga aso namin ay nakapagsalita,
at kami ay tumahol hanggang umaga.

## ANG TATLONG MAYA

Binabahayan ng tatlong maya
ang aking ulo:
sina Mayang Kulit,
Mayang Saway,
Mayang Inis.
Naglalambitin sila
sa aking isip, nangingiliti
ang kanilang mga tuka.
At sa oras na sila'y tumiririt:
guguhitan ko ang dingding
na bagong pintura ni Tatay,
paghahaluin ang de-kolor
at de-puti sa labahan,
iiwasan ang papaya sa tinola,
magkukunwaring tulog
kapag inutusan ni Lola.
At kapag tinamad
pumasok sa paaralan:
kilikili ko'y pakakainin,
susubuan ng bawang.

## HUNI NI KUWAGO

Sa dilim, maglalambitin
nang patiwarik sa sanga.
Sa sanga ay manggang
may pakpak, may tuka.
Mula man sa malayo'y
mahahagip ng pandinig
ang hagikhik, pitik, pilantik
ng mga batang nanunungkit
ng mga pulang aratiles.

Sa alamat, sa pabula,
sa libro, sa pelikula,
turing sa akin:
inaantok tuwing umaga.
Ngunit sa gabi,
ang hindi ninyo alam:
huni ko'y mga kuwerdas
ng gitara, pagaspas
ng pakpak ay mga kamay
na haharana
                    sa antukin
                    ninyo ring
                    pandama.

## MAG-EHERSISYO TAYO NG DILA!

*Mga Bagong Pampilit-dila*

1. Binuwag ng buwaya
ang bulwagan,
nabuwag ng bulwagan
ang buwaya.

2. Kumukuti-kutitap
ang kulisap na kumikislap
ang pakpak.

3. Sa talipapa: tumalungko
ang talangka
sa tabi ng talakitok.

4. May bahagharing
nabihag sa bahag
ng haring naghahari-harian
sa kaharian.

5. Humatsing ang matsing
sa bahing ng saging
kaya nagising ang nahihimbing
na baging.

6. Sa botika: nagtinikling
ang butiking may takong
dahil sa takot na masuntok
ng tipaklong.

7. Kakaibang kalasag
ang katawan ng alimasag;
kaya huwag kakaba-kabang
baka ito'y mabasag.

8. Patinig ang paulit-ulit
na huni ng pipit; nakakapit
sa punong pinatitingkad
ng pinilakang buwan.

9. Dumulas paibaba
ang dahon ng dalandan;
diyamante sa dibdib
ng dinapuang duyan.

10. Kumatha ng katha
ang makatang tumutula
para sa ikatutuwa
ng namamanghang bata.

## DILANG ANGHEL

Ang aking dila
ay 'di lang anghel.
Kapag ito'y naiinis,
nagiging pulang kamatis.
Kapag nagmamaktol
ay isang tambol.
Sa oras na mapikon
ay humahambalos na alon.
Tuwing inaantok
ay humihilik na bundok.
Kung magalit man
ay nag-aalburutong bulkan.

Pero kapag may gusto
o nais ipabili kay Nanay,
ang aking dila:
sorbetes na natutunaw.

## BAHAY-KUBO

*(mainam kung kakantahin)*

Bahay-kubo kahit munti,
ang halaman doon
ay ‘di ko mawari:

Singkamas at talmas,
sigarilmas at mamas.
Simas, bamas, patamas.
Kundol, patudol,
udol, kalabadol.
At tsaka mayro’n pa:
Labanos, mustanos,
sibunos, kamanos,
banos, at lunos.

Sa paligid-ligid,
laway ko ay ubos!

## MUNTING MAGSASAKA

Nang bungkalin ko't biyakin
ang lupang singtigas
ng sementadong kalsada:
umunat ang uod,
nagligalig ang mga kulisap,
bumuhaghag ang kayumanggit anit
ng naalimpungatang daigdig.

Pinaubaya ko sa piling
ng nutrisyon at halumigmig
ang mga binhing singliit
ng mga bituin sa langit.
Nilambat ko ang sinag
ng bumibisitang tag-araw;
isinaboy sa mga alagang
sumisibol nang marahan.

Kinaibigan ko ang kalaykay,
asarol, at regadera.
Sinasabunutan ko ang mga damong
nakikiagaw sa sustansiya.
Tuwing hapon ay ipinaghehele
ang mga luntiang dahon.
Buong-ingat na dinidiligan
ng mga baong kuwento.

Sa pagtatapos ng bakasyon,
tiyak na aanihin ko:
talbos ng petsay,
porselanang labanos,
gadaliring okra,
preskong mustasa,
baluktot na sitaw,
at pulutong ng bungang-araw.

## MAY ZOO SA AMING BAKURAN

Ang wika ni Lola
nang bumisita kami sa kaniya,
"Kung ano ang puno,
ay siya ring bunga."
Pero nang magtanim ako
ng mga buto ng langka,
ang sumilip na bunga'y
ngumingiyaw na pusa.
Nagtanim ulit,
sinubukan ang pakwan,
ang bunga'y lumalangoy,
kaykupad na pawikan.
Nang magtanim ng sampalok,
may tumilaok na manok.
Sinubukan ang pinya,
ang lumabas ay balyena.
Nagbakasakali sa rambutan,
namukadkad ay salagubang.

Ang sabi ni Lola,
"Kung ano ang puno,
ay siya ring bunga."
Siguro'y ang kaniya
lamang nakalimutan:
'Pag magtanim ng puno,
magiging zoo ang bakuran!

## ANG SALITA AY ISANG UGAT

I. Ang salita ay ugat
ng punong inaakyat.
Kapag diligan
ng mga panlapi
katulad ng “ka-”
sa “katulad,”
“-an” sa “diligan,”
“ina-” sa “inaakyat,”
ay lumalago,
lumalambong
ang mga dahon.

II. Ang salita ay sirang plaka,
sirang-sirang plaka,
kapag inuulit
ay nagiging musika
sa pandinig
ng isang bata:
tumpok-tumpok,
tumpak-tumpak,
sirang-sira,
sarang-sara.
At kapag inulit pa:
Nanang ko po,
ako’y hilong-hilo na!

III. Ang salita ay kamay
na mahilig magnakaw
ng iba pang salita
upang siya’y humaba.
Kaya mag-ingat
dahil kung minsan
siya’y nagiging
kamay na bakal.
Nagiging bawal
kahit pagpitik,
kahit pagpalakpak.
Pero madalas,
‘pag siya’y nananaginip
ay nang-aanya,
nangingimbita:

hawak-kamay
patungong haraya!